**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 1, 67-81

# Pedahgohikal at kultural na implikasyon ng mga kuwento ni Señior San Roque




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Deyto, Nilda ✉
*Sorsogon State University, Philippines (deytonilda@gmail.com)*
Marbella, Felisa
*Sorsogon State University, Philippines (felymarbella03@gmail.com)*

**Received**: 2 February 2024 **Revised**: 23 February 2024 **Accepted**: 2 March 2024
**Available Online**: 2 March 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24006

***Abstract***

Sinuri sa pag-aaral na ito ang kultural at pedagohikal na implikasyon ng mga kuwento ni Señor San Roque. Nagsagawa ng cultural mapping para matukoy ang mga lugar na mayroong patron ni Señor San Roque sa lalawigan ng Sorsogon. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok mula sa iba't ibang barangay ng San Roque sa apat (4) na barangay. Historikal dokumentari-analisis ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos sa pag-aaral na ito. Pakikipanayam at focus group discussion naman ang ginamit para makuha ang mga datos na kailangan sa pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang tematikong analisis. Natuklasan na ang mga barangay na mayroong patron ni Señor San Roque sa lalawigan ng Sorsogon ay ang bayan ng Bulusan, Castilla, Sta. Magdalena at Bacon sa lungsod ng Sorsogon. Ang mga barangay na ito ay may kanya-kanyang kasaysayan at kuwento tungkol sa kanilang patron na si San Roque. Ang mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señor San Roque ay inuri batay sa pasasalamat, pag-asa at pananalig. Ang implikasyon na nabuo batay sa kultural ay ang sumusunod tulad ng paniniwala na gagaling anumang karamdaman, tradisyunal na pamamaraan sa pagsamba, pagpapahalaga at pagmamahal sa pamilya, pagkakaroon ng pag-asa at pananalig sa katutubong paggagamot. Ang implikasyon naman na nabuo batay sa pedagohikal ay ang sumusunod katulad ng mga kuwento at karanasan bilang lunsaran sa pagtuturo ng panitikan at wika, katutubong kaalaman at kaugalian bilang paksa sa pananaliksik at integrasyon ng kultura at katutubong kaalaman sa pagtuturo. Naging rekomendasyon na gawing hanguan ng istratehiya ang mga kuwento at karanasan ng mga deboto sa pagtuturo ng wika at panitikan. Bigyang pansin at pahalagahan ang sariling kultura lalo na ang kaganapang pangkomunidad upang ito ay maiugnay sa pagtuturo sa paaralan. Maging malikhain ang guro sa paggamit ng katutubong kaalaman bilang integrasyon sa pagtuturo.

***Keywords:*** implikasyon, kultural, kuwento, Señor San Roque, pedagohikal

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Pedahgohikal at kultural na implikasyon ng mga kuwento ni Señior San Roque

## 1. Introduksyon

Noon pa man ay kilala ang mga Pilipino bilang relihiyosong tao, mula pa sa pagdating ng mga Kastila naging malakas ang ating pananampalataya sa kristiyanismong kanilang ipinayakap sa atin. Sa patuloy ng pagbabagong bihis ng panahon hindi natin maitatatwa na mahalaga ang gampanin ng ating relihiyon at pananampalataya sa ating pang araw-araw na pamumuhay. Ang makukulay na tradisyon at kultura natin ay masasalamin sa ibat'ibang panrelihiyong pandiriwang na ginagawa at itinuturo ng simbahan na nagpapakita sa kahalagahan ng ating pananampalataya sa ating buhay. Ayon kay Hill (2000), galing ang relihiyon sa *religio* na ang ibig sabihin ay pag-iisa ng sangkatauhan sa ibang kapangyarihan na higit pa sa tao. Ang ating bansa ay kilala na may kakaibang kasanayan, iba't ibang tradisyon sa kultura gaya ng pagdiriwang sa simbahan tulad ng piyesta, Pasko at Mahal na Araw kaya naman hindi nakapagtataka na marami tayong paraan ng pagpapahayag ng pananamampalataya. Ang pananampalataya, pananalig at pagtitiwala ng tao ay bunga ng pakikiharap at pagkilala sa Diyos.

Binigyang-diin nina Enriquez (1994), Covar (1998) at Obusan (1998) na bago pa man masakop ng iba't ibang relihiyon ang Pilipinas, mayroon nang mga paraan ang ating mga ninuno sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi nakikita na kasalukuyang tinawag nating relihiyon, na tinawag naman ng mga mananakop bilang mga pamahiin, pagiging pagano, at iba pang natutuon sa isang pinakamataas na nilalang (Yabut, 2013). Kung babalikan ang kasaysayan may mga katutubong gawain na ang mga ninuno sa pagsamba o ang indigenous worship bago pa tayo masakop. Ayon kay Lapiz (2010) "*the context of indigenous Filipino worship is native culture, featuring what is inherent, what has been passed on from generation to generation, reinvented, reinterpreted by generation but steadied by tradition"*. Nanganaghulugan lamang na lumipas man ang panahon nakaugat na sa atin ang katutubong pagsamba, mabigyan man ng ibang interpretasyon mananatili pa rin ang ating kultura at tradisyon.

Ayon sa artikulong" *Why Filipinos are among world's most Religious"* ni Bagaoisan (2016), ang relihiyon ay malalim na nakatanim sa kultura at pang-araw-araw na gawi ng maraming Pilipino sa Pilipinas. Ang mga mamamayang Pilipino ay ang ika-sampung pinakarelihiyoso sa mundo, at halos 87% ay nagbibigay ng mataas na pagpapahalaga sa relihiyon. Ito ay dahil ang Espanya na nagsagawa ng kolonyal na pamumuno sa bansa sa loob ng tatlong siglo kung saan ang nangingibabaw na relihiyon ay Katolisismo. Mahigit walumpong porsyento (80%) ng mga Pilipino ay Katoliko (Country Pew Research Center, 2011) ang mga Pilipino ang may pinakamataas na pagpapahalaga at pananampalataya sa relihiyon. Ang debosyon ay bahagi na ng identidad ng mga Pilipino, ito ay bunga sa malawakang impluwensya ng relihiyong Romano Katoliko nangingibabaw ang maraming kultura at paniniwalang itinuturo ng simbahan, gayunpaman ang pagiging deboto ng mga mananampalataya ay umigting mula pa noong unang panahon dahil sa kulturang nakagisnan.

Sa isa pang pag-aaral nina Davis at Epkins (2009), ang pagkarelihiyoso ng isang tao ay nakabase sa kanilang dalas ng pagdarasal, pagbabasa ng banal na kasulatan, at pakikinig o panonood ng mga palabas ukol sa relihiyon. Ang ispiritualidad ng mga Pilipino ay ang pang araw-araw na karanasan ng sagrado kung saan palaging nagpapasalamat ang mga tao sa Diyos para sa lahat ng mga biyayana kanilang nakamtan at pinapakita naman nila ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagsamba sa mga imahe ni Jesus, Maria o iba pang mga santo. Ang mga sagradong imahe na ito ay maituturing na hindi hiwalay at hindi mawawala sa bahagi ng liturhiya sa kristiyanismo dahil nagsisilbi itong behikulo ng pagsamba at paraan ng kabanalan at debosyon (Yalung, 2011).

Ayon din sa pag-aaral ni Basco (2014), kinikilala ang Bicolano bilang banal ang mga puwesto na noong unang panahon ay walang mga imahen ng mga santo. Labis na nanalig ang mga katutubong Bicolano sa ating

Dakilang Lumikha (supreme being). Sinsamba nila ang kanilang diyos at diyosa bilang pagkilala sa kanilang pagkilala sa kadakilaan, patunay nito ay ang natagpuan sa mga kuweba na napakaraming monumento ng mga kanilang anito. Mas pinili ng ilang debotong Bikolano magtungo sa mga tinatawag nilang banal na lugar para sa kanilang debosyon. Sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 103 ng Komisyon sa Wikang Filipino na sumasalamin sa Pilipinong pananaw at nagbabantayog sa pag-unawa at damdámin ng pagmamalaki sa ating mga ninuno at mayamang pamanang kultural sa porma ng panitikan, wika, mga sining, relihiyon at ibá pang manipestasyong kultural. Binibigyang-diin nitó ang Pilipinong identidad at kahalagáhan ukol sa pagkakaisa, kahinahunan, at kalayaan.

Ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señ0r San Roque ay larawan ng kulturang Pilipino na dapat malinang sa mga kabataang Sorsoganon sa pamamagitan ng pagsasama nito sa pagtuturo ng panitikang lokal salig alinsunod sa Republic Act No. 7356 nabuo ang National Commission for Culture and Arts (NCAA) na may mandatong maitaguyod at maprotektahan ang kultura at pamana ng bansa bilang tugon sa misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na nakasaad din sa Republic Act. 10533 o ang pinaunlad na pangunahing Edukasyon 2013 ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng mga aralin sa pagtuturo ng panitikang lokal at rehiyunal lalo na ang panitikang awral katulad ng paniniwala at kaugaliang may kaugnayan sa kultura ng mga Pilipino. Isang identidad ng mga Sorsogueno ang pagiging isang mananampalataya. Bahagi na ng kultura ang pagiging isang deboto, Isa na dito ang pananampalataya kay Señor San Roque. Kilala si Senõr San Roque sa lalawigan ng Sorsogon bilang patron ng mga may sakit, gumagawa ng himala at maraming mga tao ang nanampalataya sa kanya. Ipinagdiriwang ang kaniyang kapiyestahan tuwing ika-16 ng Agosto. Nagsasagawa ng mga ritwal na mga gawain ang mga deboto sa kanya tulad pagsasagawa ng istasyon ng krus (Via Crusis), nobena, prusisyon tuwing piyesta at pasyon kapag Mahal na Araw, at mga gawain tulad ng pagtitipon tipon ng mga manggagamot sa kanyang simbahan upang makapaglingkod sa may mga karamdaman. Maraming pumupuntang may mga sakit dahil sa paniniwalang napapagaling sila ni Señor San Roque.

Malalim ang ugat ng pagiging relihiyoso ng mga Sorsoguenos na nag ugat pa sa kanilang mga ninuno. Katulad ng pagkakakilanlan sa Mahal na Ina o Mahal na Birhen Peñafrancia bilang identidad ng mga Bicolano partikular sa Lungsod ng Naga. Ninais ng mananaliksik na magkaroon din ng pagkakakilanlan ang mga Sorsoguenos sa ngalan ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapakilala kay Señ0r San Roque bilang patron ng may sakit. Hangad ng mananaliksik na makalikom ng mga datos tungkol mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni San Roque upang makatulong sa pang-unawa ng kasalukuyang kultura at kung paano ito nakakaapekto sa pamumuhay ng mga Sorsugueno. Ito ang nag udyok sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito, Sa pamamagitan ng mga ito ay makakalikha ng isang imahe na makapagbibigay-depinisyon sa pananampalatayang kultural ng mga Sorsogueno. Ito ay si Señor San Roque.

***Paglalahad Ng Suliranin -*** Layunin ng pag-aaral na ito na (1) matukoy ang mga lugar na mayroong patron ni Señor San Roque sa lalawigan ng Sorsogon, (2) malaman ang mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señor San Roque at (3) malaman ang implikasyon na nabuo batay sa (a) kultural (b) pedagohikal.

***Pamamaraang Ginamit -*** Historikal dokumentari-analisis ang ginamit na disenyo sa pagkuha ng mga kailangang datos. Nagsagawa ng cultural mapping para matukoy ang mga lugar na mayroong patron ni Señor San Roque sa lalawigan ng Sorsogon. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante mula sa apat (4) na bayan sa lalawigan ng Sorsogon na mayroong barangay San Roque. Ang pakikipanayam at focus group discussion ang nagsilbing instrumento sa paglikom ng mga datos. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang tematikong analisis.

## 2. Mga Natuklasan

Inilahad sa kabanatang ito ang interpretasyon sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok ng pag-aaral na ito.

*2.1 Mga Lugar na Mayroong Patron ni Señor San Roque sa Lalawigan ng Sorsogon*

Sa pangangalap ng datos ng mananaliksik, napag-alaman na apat (4) na bayan sa lalawigan ng Sorsogon ang mayroong barangay na ang patron ay si San Roque. Ito ay ang barangay San Roque sa distrito ng Bacon, Lungsod Sorsogon. Barangay San Roque sa bayan ng Bulusan, Barangay San Roque sa bayan ng Castilla at Barangay San Roque sa bayan ng Santa Magdalena.

***San Roque Bacon -*** Ang San Roque ay isang barangay sa Lungsod Sorsogon, ayon sa 2020 Census ang populasyon nito ay 3,636. Ito ay kumakatawan sa 2.00% ng kabuuang populasyon ng lungsod Sorsogon. Ito ay may 437,114.70 lawak. Pagtatanim ng mga niyog, palay at mga produktong agrikultura ang pangunahing pinagkukunan ng yaman ng ga tao rito. Sa pakikipanayam kay Ma. Victoria D. Doncillo, kalihim ng barangay, ang barangay ng San Roque ay ang pinakamatandang barangay sa Distrito ng Bacon. Taong 1837, ang lugar na ito ay kinalulugaran ng mga kawayan kaya ito tinawag na Barangay *Cawayan* sa pamumuno ni Gobernadorcillo Clemente de San Antonio. Taong 1847, napalitan ang pangalan ng barangay at naging Barangay San Roque. Ang barangay na ito ay kinapapalooban ng limang purok; ang Sitio Bankal, Sentro, Batuhan, Ogob at Gabao. Ang Barangay San Roque ay ang unang barangay bago pumasok sa Poblasyon ng Bacon.

Ayon kay Sylvia D. Deyto, 84 taong gulang isang deboto kay San Roque, mula pa sa kanilang ninuno at namayapang mga magulang naging patron na nila Si San Roque dahil noong araw nagkaroon ng epidemya sa lugar nagkaroon ng malawakang sakit na kolera at maraming nagkasakit, matapos ang epidemyang iyon naisipan ng kanilang kura paruko na magtayo ng isang simbahan at gawing patron si Señor San Roque, dahilang ito ang santo ng may mga sakit. Dagdag pa ng mga deboto nasaksihan ng kanilang mga ninuno ang mga milagro na nagawa ni Señor San Roque noon, may nakakita raw sa kanya na isang guro na namamasyal o nag iikot sa barangay at kinabukasan daw ay basang basa ang damit at puno ito ng halamang amorsiko. Kapag maraming maysakit sa barangay nag aalay ng misa ang pari para kay San Roque at bigla na lamang nagsisipaggalingan ang mga may sakit. Ang Parokya ni San Roque sa Bacon ay dinadayo ng mga tao hindi lang karatig barangay kundi maging sa ibang lugar dahil sa kanyang mga naggawang himala, at ayon sa mga nakapanayam ng mananaliksik , minana at ipinagpatuloy nila ang mga relihiyosong gawain na namulatan nila sa kanilang magulang sa pagiging deboto kay Señor San Roque tulad ng pagnonobena o pagrorosaryo, pagsisimba, pagdarasal,pagtirik ng kandila , pakikilahok sa mga gawaing simbahan at ang iba pang nakapanayam ng mananaliksik ay naging hermana mayor upang ipagpatuloy ang mga gawain ng kanilang mga magulang sa parokya ni Señor San Roque.

***San Roque Bulusan -*** Ang San Roque ay matatagpuan sa Munisipalidad ng Bulusan sa lalawigan ng Sorsogon, ayon sa 2020 Census ang populasyon nito ay 2,830. Ito ay kumakatawan sa 11.83% ng kabuuang populasyonng Bulusan. Taong 1880, bago pa man naging San Roque ang barangay na ito tinawag na muna itong Barangay *Caran-a* dahil sa ilog na bumabagtas sa Irosin at Bulusan, ang lugar na ito ang naging pahingahan ng mga taong manlalakbay at mangangalakal noon. Dito sila nagpapahinga at kumakain kaya ang nasabing ilog ay napangalanang Caran-a na naging pangalan na ng nasabing lugar. Taong 1885, napagkasunduan na palitan ang pangalang Caran-an at gawin si Señor San Roque bilang patron ng lugar. Sinasabing ang imahen ni Señor San Roque ay bigay ng isang pamilya na hindi nabanggit kung sinong pamilya sa pasalindila na nakuwento ng kanilang mga ninuno. Sa kagandahang loob ng obispo ng Naga at sa pamumuno ni Ciriaco Fulleros na nagbigay ng lote ay napatayuan ng simbahan si Señor San Roque at kalaunay ang Barangay Caran-an ay napalitan na ng Barangay San Roque alinsunod sa pangalan ng patron.

Ipinagdiriwang ang kaniyang kapiyestahan tuwing ika-16 ng Agosto. Tuwing mahal na Araw at Piyesta maraming isinasagawang mga ritwal at mga gawain ang mga namimintakasi sa kanya tulad pagsasagawa ng istasyon ng krus (Via Crusis), nobena, prusisyon at pasyon tuwing Mahal na Araw. Gayundin tuwing Piyesta, nagsasagawa sila ng mga gawain tulad ng pagtitipon tipon ng mga manggagamot sa kanyang simbahan upang makapaglingkod sa mga may sakit, pagsasagawa ng prusisyon, nobena, pagtitirik ng kandila at iba pang relihiyosong gawain. Kilala siya sa pagiging milagroso sa nasabing lugar, dinadayo ng may mga sakit dahil sa paniniwalang napapagaling sila ni Señor San Roque. Sa pakikipanayam ng mananaliksik kay Gng. Grace Lani

Fulleros, isang Guro Bulusan National High School noon daw ay may mga karanasang o nasaksihan ang kanilang mg ninuno, noon daw ay nag alburuto ang Bulkang Bulusan nawala ang imahen niya sa kinalalagyan, kinabukasan nakita ng taga linis ng simbahan na puno na putik ang katawan niya lalo na sa bandang paa na parang may inakyat na bundok, at may mga bakas ng paa sa sahig ng simbahan na sa pagkatanda niya umalis siya na malinis ang sahig. Hangang ngayon ay buo pa rin ang paniniwala nila na tuwing pumuputok o nag aalburoto ang Bulkang Bulusan nandiyan si Señor San Roque upang iligtas sila sa anumang kapahamakan.

***San Roque Castilla -*** Ang San Roque ay matatagpuan sa bayan ng Castilla sa lalawigan ng Sorsogon, ayon sa 2020 census ang populasyon nito ay 703. Ito ay kumakatawan sa 1.16% ng kabuuang populasyonng Castilla. Base sa salaysay ni Gng. Leny L. Lescano, kalihim ng barangay, ang Barangay San Roque ng bayan ng Castilla ay humigit kumulang 327 hektaryang lupain sa hangganan ng hilaga ng Barangay Salvacion at timog ng Barangay Cumadcad. Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao dito. taong 1924, napagkasunduan ng mga tao sa Barangay Cumadcad at Barangay Salvacion na bumuo ng isang barangay sa pamumuno nina Lorenzo Llaneta, Igmedio Millena, Apolonio Lleva. Nagbahagi sila ng kani-kanilang lupain, sa tulong ng mga mamamayan duon nakapagpatayo sila ng isang kapilya. Si Lorenzo Llaneta ang naghandog ng imahen ni Sto. Toque (tawag noon sa imahen ni Señor San Roque.) Agosto 16, 1934 isinagawa Ang kauna-unahang misa sa kapilya sa pamumuno ni Father Lamberto Fuly. Sa panahon ding iyon ideneklarang si Señor San Roque ang patron ng lugar. Tuwing Agosto 16 ipinagdiriwang ang kanyang piyesta. Nagsasagawa ng prusisyon sa unang martes ng buwan at novena. Pag mahal na araw naman nagsasagawa ng via crusis at pasyon. Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa hermana ng kapilya, ang kanilang mga ninuno daw ay nakasaksi sa paghihimala ni Señor San Roque, ayon sakanila noon daw tumutulo na ang kisame ng kanilang kapilya, nawala daw ang imahen ni Señor San Roque sa kinalalagyan niya, may nakakita daw na naglalakad at natagpuan ng mga tao sa masukal na gubat may nakalagay sa ulo na dahon ng saging.

***San Roque Santa Magdalena -*** Ang San Roque ay matatagpuan sa bayan ng Sta. Magdalena sa lalawigan ng Sorsogon, ayon sa 2020 census ang populasyon nito ay 1,185. Ito ay kumakatawan sa 6.93% ng kabuuang populasyonng Sta. Magdalena. Ayon sa panayam ng mananaliksik kay Bb. Cristina Ayong, kalihim ng barangay, wala pa silang naitala na kasaysayan ng kanilang barangay at hangang ngayon ay nagsasagawa pa ng pag-aaral at nangangalap pa ng mga impormasyon tungkol sa kanilang barangay. Ayon pa sa mga salaysay ng mga deboto, noong una ang tawag sa barangay nila ay alambre dahil ang lugar nay napapalibutan ng *bobwire*. Ang lupa na nasasakupan ay pag-aari ng nagngangalang Belandina Lim Frilles. Taong 1968 nang naging punong barangay si Nilo Gayanes napatayuan niya ng kapilya ang lugar. Si Belandina ang nag bigay ng imahen ni Señor San Roque bilang patron ng lugar dahil siya ay manggagamot ayon sa kanya. Kalaunay tinawag na San Roque ang barangay.

Ipinagdiriwang tuwing ika-16 ng Agosto ang kaniyang piyesta at hanggang ngayon ay patuloy isinasagawa ang mga relihiyososng gawain tulad ng nobena sa siyam na araw tuwing sasapit ang piyesta at prusisyon. Sa pakikipanayam ng mananaliksik wala silang matandaan o naikuwento ng kanilang mga ninuno na kuwento ng paghihimala o kababalagha na ginawa ni San Roque na nagpakasatao ito katulad ng ibang naibahagi ng mga deboto sa ibang barangay ng San Roque. Ang kanilang naibahagi sa mananaliksik ay ang mga personal na karanasan at paghihimala ni San Roque sa kanilang buhay. Ang apat (4) na barangay ng San Roque sa lalawigan ng Sorsogon ay may kanya-kanyang kasaysayan, kuwento at mga karanasan ng mga himalang ginawa ni Señor San Roque, ito ang dahilan upang ang pananampalataya ng mga deboto kay Señor San Roque ay nakasandig sa kung ano ang mga himala na nangyari sa kanilang buhay. Pagdating sa gawi, tradisyon, relihiyon at kulturang nakagisnan ng mga Sorsoguenos ay nagkakapareho ang pamamaraan ng apat na lugar ng San Roque tulad na lamang ng sa pagsamba, pare-pareho nilang ipinagdiriwang ang kapiyestahan ni San Roque tuwing Augosto 16. Ang mga relihiyosong gawain tulad ng pagprusisyon, pagsasagawa ng nobena, at mga gawain kapag mahal na araw at kapiyestahan ay pare-parehong isinasagawa ng apat na barangay, iisa ang kanilang karanasan, kuwento at paniniwala na nabibigyan ng kasagutang lahat ng kanilang kahilingan kapag taos pusong nananalangin kay San Roque.

Pagdating sa kasayasayan at mga kuwento ukol kay San Roque ay iba-iba ang bersiyon ng apat na barangay.

Sa kasaysayan kung bakit si San Roque ang kanilang santo tulad ng, siya ang napiling santo dahil sa epidemyang nangyari, siya ang napili maging santo dahil siya ang patron ng may sakit, siya ang napili dahil siya ang gusto ng may-ari ng lugar para maligtas sa anumang kapamakan ang barangay, at siya ang napili dahil kapangalan niya ang namumunong pulitiko sa lugar, ang mga ito ay siyang naging dahila kung bakit nagkaroon ng lugar at patron si San Roque sa lalawigan ng Sorsogon. Sa mga kuwento naman tulad ng si San Roque ay nakitang namamasyal at natagpuan na may mga amorsiko ang katawan, nariyan din ang kuwento na si San Roque ay nakitaan ng puno ng putik ang katawan at nakita na nagpaulan at may sukob na dahon ng saging. Ibat'ibang kuwento man ng bawat lugar kay San Roque ay nagkaisa naman sa pananampalataya ang mga Sorsuguenos kay San Roque. Banggit ni Jersey (2016), sa kanyang pananaliksik, ang pagkilala ng kuwento ng isang lugar ay mahalaga sapagkat ito ay pinagmulan ng tunay na kuwento at kutura. Dito makikilala ang gawi, kilos, tradisyon o paniniwala at mga kaugalian maging ang kuwento na siyang bubuo sa nakatagong akda ng isang lugar o bayan.

*2.2 Mga Kuwento at Karanasan ng Paghihimala ni Señor San Roque*

Ang mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señor San Roque sa buhay ng mga deboto ay naglalarawan ng lubos na pagtitiwala sa kanilang pananampalataya para sa kanilang pag-asa sa kaganapan ng kanilang kahilingan. Ayon sa mga deboto ang pangunahing nilang dahilan sa pagdedebosyon ay ang pagtupad ni Señor San Roque sa kanilang mga kahilinagn at naging bahagi na nila ito sa pang araw-araw na gawain. Sa mga nakapanayam natuklasan na ang mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Seṉor San Roque ay batay sa pasasalamat, paggaling sa sakit/aksidente, pag-asa sa buhay, tulong pinasiyal, malakas na pananalig, pagligtas sa masasamang-loob/ karahasan, maayos na kalusugan, pagkaroon ng anak at pagkaroon ng trabaho. Mula sa populasyon ng apat na barangay ng San Roque, ito ang mga nakalap na kuwento.

***Pasasalamat -*** Malaki ang pasasalamat ng mga deboto kay Señor San Roque tungkol sa mga paghihimala na nangyari sa kanilang buhay, ang mga kuwento at karanasan nila ay naglalahad ng katuparan ng kanilang kahilingan. Ayon sa kanila hindi lamang pananalangin ang ginagawa nila bagkus sinasabayan nila ito ng pag kilos. Ayon sa salaysay ng mga nakapanayam ng mananaliksik:

> *"Dako-dako ang pasasalamat ko kay San Roque bilang sarong paraoma, indanunan kami niya makaani kami ki dianes." (Malaki ang pasasalamat ko kay Señor San Roque, tinulungan nya kami sa magandang ani.) - Sta. Magadalena*

> *"dako dako ang pasasalamat ko kay San Roque, san naoperahan ako ako mayad ang pagkaopera sakuya nyan nakahiwag tulos ako." (Malaki ang pasasalamat ko kay San Roque noong naoperahan ako agad akong gumaling at nakakilos.) -Bacon*

Ang pagiging malakas sa pananalig ng mga deboto kay Señor San Roque ang siyang nagsisilbing daan upang maging positibo sa buhay. Patuloy na pagpapasalamat sa lahat ng grasyang ipinagkaloob at kapanatagan dahil alam nilang hindi sila pinapabayaan ni Señor San Roque. Kuwento pa nga ng isang nakapanayam:

> *"Pasalamatunon ako kay Señor San Roque na dire ako pinabayaan, ending na sana san buhay ko kung dae ko nilabanan san nagkasakit ako. "(Malaking pasalamat ko kay San Roque na hindi niya ako pinabayaan, katapusan na sana ng buhay noong nagkasakit ako.) - Bulusan*

Ang mga nakapanayam ng mananaliksik ay naniniwala na anuman ang ipanalangin kay Señor San Roque lahat ng iyon ay ibibigay sayo, kaya naman ang ilan sakanila ay binigay na ang buhay para maglingkod sa Kanya Katulad ng isang *choir na* nakapanayam ng mananaliksik, inilaan na niya ang kanyang panahon sa pagsilbi kay Señor San Roque mula ng gumaling siya sa kanyang sakit.

> *"Batog sadto na pinaayad niya ako adi ako pirme para saiya kay pinaimud sako talaga ang kaayadan ni Señor San Roque. (Mula ng pinagaling niya ako sabi ko sa sarili ko andito ako lagi sa kanya magsisisilbi.) - Bulusan*

Base pa sa isang salaysay ng isang mananampalataya mula sa sa Sta. Magdalena lubos ang pasasalamat niya dahil lagi silang iniligtas ni San Roque sa anumang kalamidad lalo na kapag may bagyo. Ang mga positibong pananaw ng mga mananampalataya ay nagiging sandigan nila para tanggapin anumang pagsubok na nararanasan nila, sa pamamagitang ng pasasalamat ay lumalakas ang kanilang loob na maging matatag. Ayon nga kay Casabuena (2015) amg pananampalataya ay ang pagtitiwala na magkakaroon ng katuparan ang anumang inaasam at mayroong paniniwala sa mga bagay na hindi nakikita tulad ng paniniwala sa kapangyarihan ni Kristo. Ang mga mananampalataya ni San Roque ay lubos na nananalig na sa pamamagitan ng kanilang panalangin ay naipaparating nila ang kanilang kahilingan.

***Paggaling mula sa sakit o aksidente -*** Karamihan sa mga nakapanayam ng mananaliksik ay naging emosyonal sa paglalahad ng kanilang karanasan mula sa kanilang karamdamana na gumaling dahil sa pananampalataya kay Señor San Roque, ilan sa kanila ay may kanser, sakit sa kidney, sakit mula sa aksidente, nasaksak at sakit sa hindi maipaliwanag na dahilan. Nasaksihan ng mananaliksik ang samot saring emosyon habang inilalahad nila ang kanilang kuwento, nariyan ang umiiyak habang nagkukuwento, nangiginig ang iba, at saglit na natitigilan habang sinasariwa ang pangyayari sa kanilang buhay. Ayon nga sa salaysay ng isang kapitan na matagal ng deboto kay San Roque:

> *"San panahon san pandemic wara ako sin kinapitan kundi si Senor San Roque, Himala maam na wara ang San Roque ki Covid case. Naging primary contact ako persan pig swabtest ako negative. (Noong kasagasagan ng pandemic walang naging kaso ang San Roque, at negative ako sa swabtest." - Bulusan*

Base din sa salaysay ng isang ginang na nakaranas ng matinding pagsubok:

> *"San ako nadiagnose ki kanser sa dodo kaipuhan operahan, nagpara nobena ako kay Señor san roque na dae niya ako pagpabayaan. pagkatapos ko maoperahan mayad na pamate ko." (Noong nagkaroon ako ng kanser at kailangang operahan ipinapanalangin ko kay San Roque na huwag niya akong pabayaan, matapos maopearahan gumaling kaagad ako) - Bacon*

Pagdating sa kalusugan nagiging kampante ang mga mananampalataya dahil naniniwala sila kay San Roque bilang patron ng mga may sakit na hindi sila pababayaan dahil alam nila na mula sa puso ang kanilang pagsamba. Ayon nga sa kuwento ng isang miyembro ng Kapilya Pastoral Council sa Bulusan noong nagkasakit siya dinala sa hospital dahil lumalaki ang kanyang tiyan sabi sa kanya ng doctor maga lang daw, noong dinala siya sa albularyo na gumagamit ng orasyon kay San Roque himala daw dahil gumaling siya kaagad. Madalas kapag hindi napapagaling ng doktor ang kanilang sakit ay ibinibigay nalang nila ang pagpapasya sa pamamgitan ng taimtim na panalangin kay San Roque. Ayon nga sa Hebreo 11:1-3*, Faith is the assurance ogf things hoped for, the conviction of things not seen.* Pagtitiwala lamang ang pinapanghawakan ng mga deboto na mangyyari ang inaasahan at hinihingi kay San Roque.

***Ispiritual na biyaya -*** sa panayam ng mananaliksik hindi alintana ng mga deboto ang layo at pagod basta makadalo sa simba at masilayan ang imahen ni Señor San Roque ayon nga sa isang deboto:

> *"May distansya ang amo balay nagsosolo ako pakanhi simbahan, magaanon ang boot ko basta pakanhi maski may kaulangan." (Malayo ang aming bahay, nag-iisa lang akong pumunta ng simbahan, magaan ang loob ko basta papunta dito kahit.) - Bulusan*

Makikitaan ang mga deboto ng kapanatagan sa isip at pagtitiwala na nandiyan palagi si Señor San Roque anuman ang kanilang ginagawa, banggit nga ng isang kapitang deboto kay San Roque na:

> *"iba sa pakiramdam na may ispiritual na kadanun, makusog ang boot mo maski nagsosososolo ka kasi aram mo guide ka ni Señor San Roque." (Iba ang pakiramdam kapag may spiritual na tulong, malakas ang loob ko kahit nag-iisa dahil alam ko na nagbibigay gabay si Señor San Roque.) - Bulusan*

Ang isprituwal na biyaya ang nagbibigay ng kapanatagan sa mga mananampalataya na kahit hindi nila nakikita ang santo ngunit sa isip at pakiramdam nila ay palaging na andiyan at nag-iingat sa kanila. Naging dahilan ito upang hindi sila gumawa ng masama sa kapwa bagkus naging mabuti ang kaibuturang pagkatao ng isang mananampalataya dahil may takot sila sa Diyos. Banggit ni Jocano, (2005), sa kanyang papel na Filipino Chatolicism: A case Study in Religious Change na para sa mananampalataya ay hindi usapin ang totoo o tunay, hindi nila alintana kung totoo ba ang imahe ng kanilang sinasamba o hindi dahil mas nananaig ang kanilang pananampalataya.

***Pag-asa -*** Sa panayam ng mananaliksik ang mga deboto ay patuloy na umaasa kay Señor San Roque dahil sa pagtitiwala na sa pamamagitan ng kanilang mga dasal ay himalang matutupad. May luha pa sa mga mata habang ibinabahagi ng isang deboto ang kanyang kuwento. Mahal na mahal nila sa isat'isa, noong nagkasakit ang kanyang asawa labis-labis ang pag-alala niya, kaya si San Roque ang kanyang kanlungan.

> *"Ang agum ko nagkahelang, cge ko pangadyi kay Señor San Roque na de baling dae na makatrabaho agum ko ang mahalaga makaiba ko pa, sa herak ni San Roque nakatukaw na siya hangang niyan kaiba ko pa din siya." (Noong nagkasakit ang asawa ko ipinalangin ko na bigyan pa ni Señor San Roque ng mahabang buhay upang makasama ko pa siya ng matagal, sa awa ng Diyos hangang ngayon kasama ko pa siya.) - Bacon*

Ang mga nailahad na karanasan at kuwento ng mga deboto ay patunay lamang na matibay ang kanilang pananalig at hindi bumibitaw at patuloy na umaasa na siyang daan ng katuparan ng kanilang hiling at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. Ayon nga sa isang gurong deboto na nakaranas ng mga pagsubok sa buhay:

> *"dire man perfect ang buhay may mga pagsubok na nararanasan ta pero nalalampasan yun, may on pag-asa pirme ang masasabi ko na yun everyday miracles ni Señor San Roque." (Hindi perpekto ang buhay may mga pagsubok na nararanasan natin pero nalalampasan natin dahil may pag-asa palagi.) - Bulusan*

Habang may buhay may pag-asa kasabay dito ang malakas na pananalig. Ang mga sakripisyo ng mga mananampalataya kay San Roque ay bunga ng pag-asa na lahat ng kanilang mga ginagawa ay matutupad hindi sila napanghihinaan ng loob sa anumang pagsubok dahil nakikita sa mga kilos nila at gawi ang positibong pananaw sa buhay. Sa resulta ng pag-aaral ni Yabut (2013) dumadagsa ang mga tao sa kapilya at nagpapaalamat kay Apu maliban sa paghiling ay gumagaan ang kanilang pakiramdam at ito ay nagbibigay sakanila ng pag-asa at positibong pananaw sa buhay, na ang buhay ay magiging maayos para sakanila kahit may mga suliranin. Ito ay kapareho ng pagdedebosyon ng mga Sorsuguenos kay San Roque na kung saan himihiling sila ng pag-asa na malagpasan ang mga suliraning kinakaharap.

***Pinansiyal na biyaya***

Karamihan sa nakapanayam ng mananaliksik ang isa sa mga pangunahing kahilingan nila panagangailangan ng tulong pinansyal alam nilang walang imposible kay Señ San Roque kaya taimtim nilang hinihiling sa pamamagitan ng panalangin. Karamihan para sa pag-aaral ng mga anak, hanap-buhay at para sa pamilya na may sakit. Ayon sa ilang deboto hindi agaran ang ang pagtugon ni Señ San Roque sa kanyang kahilingan pinansyal sa hindi inaasahan ay nangyayari na lamang at dapat sabayan din ng pagkilos. Isa sa mga pahayag ng deboto:

> *"San sabay-sabay ang pito ko na kabataan nag ireskwela sa Manila, oro-adlaw ako naggagahoy ako saiya para makalikay sa oroadalaw naproblema pinansyal at nagkakatotoo ang pangadyi ko nakakaraos kami." (Noong nagkasabay-sabay mag-aral ang aking mga anak lagi akong nagdarasal na sana makaraos kami sa problemang pinansiyal at nagkatotoo po lahat ng panalangin ko.) - Sta. Magdalena*

Base naman sa salaysay ng isang kapitan mula sa Castilla na nakaranas ng himala ni San Roque, noon daw

ang mga alaga niyang mga baboy nagkaroon ng sakit, kahit gabi pumunta siya sa kapilya ni San Roque nag alay siya ng panalanagin na harinaway hindi mamatay mga alaga niya dahil naka plano ng ibenta mga iyon at may paggagamitan siya ng pera. Kinabukasan nabigla siya dahil masisigla na mga alaga niya, mula noon naniwala na siya at nanampalataya na siya kay San Roque. Ang ideyolohiyang nakapaloob sa mga pananampalataya ng mga deboto ay paniniwalang himala na lamang ni San Roque ang makakatulong sa kanilang problemang pinansiyal. Ito ay pinapaubaya nila ang kanilang kahilingan kay San Roque at umaasang hindi sila bibiguin dahil alam nila na ang pananalig at pagtitiwala ay bunga ng pakikipagharap at pagkilala sa Diyos

***Pagligtas sa masasamang loob at karahasan -*** Isa sa mga nagpapalalim ng pananampalataya ng mga deboto ay ang mga pinagdaanan nila na nabigyan ng katuparan ang hiling nila kay San Roque lalo na pag para sa kalusugan at pagligtas sa mga sakunang kanilang naranasan. Naniniwala silang walang imposible kapag kay San Roque manalangin. Isinalaysay ng mag-asawa ang kanilang karanasan na hindi nila makakalimutan ng pasukin ng masamang loob ang kanilng bahay.

> *"Duwang beses na kami niligtas ni San Roque sa mga mahahab-as kaya dako dako ang pasasalamat ko kan San Roque kay pirme kami inliligtas niya sa kapamahakan." (Dalawang beses na kami iniligtas ni San Roque sa mga magnanakaw, kaya napakalaking pasasalamat ko kay San Roque kasi palagi kami inililigtas sa kapahamakan.) - Bacon*

Ilan pa sa mga kuwento ng mga kalahok ay ang mga karanasan ng kanilang mga ninuno na napasalindila na sa kanila at sa mga anak nila na magpahangang ngayon ay naging batayan na nila sa pananampalataya kay Señor San Roque.

> *"San martial law si Senor San Roque ang ingagahoy san pamilya ko pag may nagtutuk-tok sa saindang harong inpapangadyi ninda na mailigtas ni San Roque kaya naagahan na safe sinda sa balay dahil kay San Roque." (Noong martial law si Señor San Roque palagi ang tinatawag nila pag nakaramdam sila ng panganib nagdarasal sila na sana hindi mabuksan ang bahay kaya magdamag ligtas sila dahil kay San Roque.) - Bulusan*

Ang mga ganitong karanasan ang nagpapatibay ng pananampalataya ng mga deboto. Naniniwala sila na anumang karahasan o mga pangyayaring hindi inaasahan ay maililigtas sila at maiiwasan dahil Si San Roque ay isang mapaghimalang santo, ito ang nagbubunsod sakanila upang maniwala kapangyarihan ng panalangin. Inilahad ni Yabut, (2011) Ang ispiritualidad ng mga Pilipino ay tunay na isang personal na ispiritualidad at hindi lamang nakikita sa mga panahon ng problema o krisis. Ito ay isang pang-araw-araw na karanasan ng sagrado kung saan palaging nagpapasalamat ang mga tao sa Diyos para sa lahat ng kaligtasan at mga biyaya na kanilang nakakamtan at pinapakita naman nila ang kanilang pananampalataya sa Maykapal na sila ay palagi niyang aalagaan at iligtas.

***Magandang Kalusugan -*** Sa pakikipanayam ng mananaliksik palagi nilang ipinapanalangin ang kanilang kalusugan, anuman ang kanilang nararamdaman pisikal o emosyonal lahat ng ito ay ipinapaubaya nila kay Señor San Roque dahil sa paniniwalang siya ay nanggagamot na mabibigyan ng lunas anuman ang kanilang nararamdaman. Katulad na lamang ng isang miyembro ng Kapilya Pastoral Council na nakapanayam ng mananaliksik:

> *"Sa kahaluyan pagserbi ko kay Senor San Roque dae man ako nagkakaelang, yaon pirme ang dako na pagtubod ko saiya." (Sa tinagal-tagal ng pagbibigay serbisyo ko kay Señor San Roque hindi pa ako nagkakasakit.) - Bulusan*

Karamihan sa mga hinihiling ng mga deboto ay ang magandang kalusugan upang madugtungan pa ang buhay ng mga taong mahal nila sa buhay, dinadaan nila sa taimtim na panalangin at pag-asa sa himala o milagro ng pagpapagaling ni San Roque. Sa pag-aaral nila, napag-alaman nina Ellison, Hummer, Cormier, at Roegers (2000) na ang pagiging relihiyoso ay nagtutulak sa mga tao na isipin ang hinaharap ng kanilang kalusugan.

Madalas ang hinihiling nila ay matuguan ang mga suliraning pangkalusugan. Ito ay inilalapit nila sa Panginoon sa paniniwalang gagaling anumang sakit na nararanasan nila.

***Pagkakaraoon ng anak at trabaho -*** Ayon sa mga deboto lahat ng kanilang ipinapanalangin ay natutupad basta galing sa puso ang pananalig kay Señor San Roque, ilan sa mga nakapanayam ng mananaliksik na nagpapakita na walang imposible. Dagdag pa nila magdasal lang ng magdasal, maghintay lang dahil darating ang panahon na ibibigay ni San Roque ang hiling. Katulad na lamng ng isang gurong deboto kay San Roque, matagal bago siya nabiyayaan ng anak, dahil sa pananampalayataya niya kay San Roque at sa bawat prayer healing na ginaganap sa simbahan hindi niya pinapalampas na hindi siya makadalo.

> *"Dire ako nagbados tulos, biniyayaan man gihapon ako dahil sa mga prayers kay San Roque mao lang yon." (Hindi ako kaagad nabuntis, pero biniyayaan parin nya ako ng anak dahil sa mga pagdarasal ko sa kanya.) - Bulusan*

Isa pa sa mga nakapanayam ng mananliksik ang isang ama na nagnais magkaroon ng trabaho ang kanyang anak.

> *"Nanalangin ako sa kanya na sana may maka abroad ako na bata niyan magkaigwa mayad na buhay at nangyari po." (Ipinagdasal ko na sana magkaroon ng trabaho ang aking anak at maging maaayos ang buhay ito po ay natupad) - Sta.Magdalena*

Masayang ibinahagi ng mga deboto ni Señor San Roque ang kanilang kuwento at karanasan. Nagiging malawak ang kanilang pang-unawa kapag nahaharap sila sa suliranin, mahinahon sa pagharap sa buhay. Ang mga iba't ibang kuwento at karanasan ng mga deboto ay kakikitaan ng positibong pananaw na kahit anumang pagsubok dumating sakanila ay hindi sila natitinag dahil alam nilang may Señor San Roque na kanilang kinakapitan, ayon sa kanila patuloy na ibinibigay anumang kahilingan nila, wala silang sawa sa pagsamba kay Senor San Roque na naituturo din nila sa kanilang mga anak. Lumabas sa mga resulta sa pag-aaral ni Santos (2007) Ang dahilan ng pamamanata ay pawang may kaugnayan sa mga hiling na nais nilang magkaroon ng sa katuparan at halos may koneksyon ang mga kahilingang ito sa kanilang mga mahal sa buhay, trabaho, personal na bagay at iba pa na pinangangalagaan nila.

## 3. Implikasyon na nabuo batay sa Kultural at Pedagohikal

Ang relihiyon ay sentro ng kultura sapagkat dito nakabase ang kaugalian, pagpapahalaga at mga paniniwala. Ang kultura ay sumasaklaw sa mga gawi, paniniwala tradisyon at pamumuhay ng mga tao sa iisang lugar at mga gawaing panlipunan. Ang mga nakalap na kuwento at karanasan sa paghihimala ni Señor San Roque ay isang sangkap o karagdagang kaalaman na maaring maidagdag sa kulturang Sorsoganon at lokal na panitikan na magagamit sa pagtuturo sa paaralan.

### *3.1 Kultural na Implikasyon*

Ang mga nakalap na kuwento at karanasan ng mga deboto kay Señor San Roque ay kinapalooban ng mga ideolohiya na mayroong implikasyon sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga deboto.

***Pagtitiwala sa Panginoon sa anumang karamdaman -*** Ang mananampalataya kay Señor San Roque ay umaasa sa himala ng kanilang sinasamba. Sa pamamgitan ng kanilang panalangin ay nagkakaroon sila kapayapaan sa sarili nawawala ang kanilang pangamba. Anumang karamdaman o sakit ay malakas ang paniniwala nila na pag inilapit kay Señor San Roque ay gagaling lalo na siya ay patron ng may sakit. Ayon nga sa resulta ng pag-aaral ni Da (2018) ang pananalig bilang pagtitiwala na mangyayari ang inaasahan ang siyang pinaniniwalaan ng mga deboto. Ipinapaubaya na sa santo ang lahat na mga karamamdaman dahil alam nila na matutupad ang kanilang mga hiling na nagiging maayos din ang lahat at mapagaan ang kanilang buhay. Banggit nga ng isang deboto:

*"Totoo talaga na kung hali sa heart ang prayer mo talagang mamarahay ka. Dahil sa pangadyi ko kay San Roque nagrahay ako." (Totoo talaga na kapag nangaling sa puso mo ang panalangin talagang gagaling ka. Dahil sa mga panalangin ko kay San Roque gumaling ako. Sa kanya ako nagtitiwala.) - Bulusan*

***Tradisyunal na gawain sa pagsamba -*** Bahagi na sa buhay ng deboto ang pagsamba at pagpunta sa simbahan upang mag alay ng dasal at makilahok sa anumang gawaing ispirituwal. Ipinapakita na matibay ang paniniwala sa santo mula sa mga ninuno at ipinasa sa kahuli-hulihang henerasyon ng pamilya bagay na nagpapahayag ng nakagawian na. Karamihan sa kasagutan ng mga kalahok ang kanilang ginagawa o mga ispirituwal na gawain ay hango pa sa kanilang mga ninuno na nakamulatan na nilang gawain at ang kanilang pananampalataya ay mula pa sa kung ano ang itinanim ng kanilang ninuno sa kanilang isipan tungkol sa relihiyon. Lumabas sa resulta ng pag-aaral ni Casabuena (2015) na ang mga gawaing pangrelihiyon tulad ng pag nobena, pagdarasal, pagtirik ng kandila, pag prusisyon at iba pa ay nagdulot sa mga deboto ng magaan na pakiramdam, pag iwas sa masasamang bisyo, nagiging matapang sa pagharap sa pagsubok at pagbabago ng ugali.

***Pagmamahal at Pagpapahalaga sa Pamilya -*** Likas sa ating mga Pilipino ang mapagmahal at pagpapahalaga sa pamilya. Sa bawat hiling nila ay kasama ang kaligtasan sa pamilya. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang pamilya ay isa sa mga pangunahing dahilan ng kanilang pag dedebosyon kay Señor San Roque. Hindi lamang tumitibay ang kanilang spiritual na aspekto ng buhay kundi ang pagbubuklod ng pamilya sa pananampalataya. Ilan sa kasagutan ng mga kalahok:

*"Ang papa ko saday palang ako na stroke na, ang mama ko wara trabaho, san time na high school kami nakaserbi didi pag hermana daranun lang kami, naka survive naka eskwela pa kami. Ang intercession lang talaga ang naghahatag sa in aayo mi na dae pa sinda magkawarara ang magurang namo." (Ang ang aming ama ay nagkasakit, ang mama ko walang trabaho, tulong-tulong kami sa pagsilbi kay San Roque, panalangin lang at nakapag-aral kami. Hangad namin na huwag munang mawala ang aming magulang.) - Bulusan*

Ayon nga kina Reyes at Bullecer (2016) ang pamilya ay isa sa mga nagpapatibay ng pananampalataya. Higit na nagiging maayos ang buhay ng pamilya kung dalisay ang pananalig at sama-samang nagbibigay handog pasasalamat sa Panaginoon.

***Positibong pananaw sa buhay -*** Sa pag-aaral na ito makikita sa mga deboto ang lubos na pag-asa na lahat ng kanilang mga kahilingan ay ipinagkaloob ni Señor San Roque, kumakapit ang mga deboto sa kanilang pananampalataya at nagtitiwala na magkaroon ng pagbabago at matupad ang kanilang inaasam at pinapangarap sa buhay. Masayang ibinabahagi ng mga deboto ang mga karanasan na nabigyang katuparan ni Señor San Roque. Ang mga relihiyosong gawain nila tulad ng pag tirik ng kandila, pag nobena at iba pa ay nagbibigay sa kanila ng malawak na pang unawa sa buhay. Sambit nga ng isang deboto madaling bumangon kapag nadapa sa problema dahil may santo sila na nagbibigay ng pag-asa para bumangon ulit. Ayon kay Lyubomirsky (2008) ang pagkaranas ng mga deboto sa pagkatupad ng mga kahilingan ay nagiging sanhi ng pagkamatibay pa sa pananalig, nagbubunga ito ng kaligayahan ng isang tao at pagiging positibo sa buhay.

***Pananalig sa katutubong panggagamot -*** Sa pag-aaral na ito lumabas na buhay pa rin ang mga katutubong panggagamot tulad ng santigwar at hilot, sa pakikipanayam ng mananaliksik ginagamit nila ang pangalan ni Seņor San Roque bilang isang manggagamot. Marami ang nainiwala na sa pamamagitan ng albularyo napapagaling anumang karamdaman na hindi kayang pagalingin ng doktor lalo na kapag ang albularyo gamit ang pangalan ni San Roque na santo ng paggagamot katulad ng ilang nakapanayam ng mananaliksik:

*"Parabulong ako. May sa devil daw ang pagsantigwar ko, deri man kasi indadara ko ang pangaran ni Señor San Roque. "(sabi ng iba may sa demonyo ang pangagamot ko. hindi po totoo kasi si Señor San Roque ang dinadala ko."- Bulusan*

Lumabas sa pag-aaral ni Llaneta (2019) na napapahalagahan ang panggagamot ang kaugalian ng sariling kultura. Nakatutulong ito upang hindi mawala ang mga sinaunang tradisyon at napupukaw ang isipan ng mga tao na bahagi na ng kulturang Sorsoganon ang mga ganitong sinaunang pangagamot. Ang mga Bikolano ay kilala bilang isang relihiyosong tao, masasalamin ito sa mga ibat'ibang pagdiriwang tulad ng piyesta, Mahal na Araw at iba pang mg relihiyosong gawain. Likas na mapagmahal ang mga Bikolano sa pamilya. Ito ang mga pinaghuhugutan ng lakas upang lumaban sa buhay. Likas na mapagmahal ang mga Bikolano sa pamilya. Ito ang mga pinaghuhugutan ng lakas upang lumaban sa buhay. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang pagiging deboto ng mga bikolano ay bunga ng nakagisnan na tradisyon at naipasa ng mga ninuno o magulang na deboto. Isa sa mga dahilan ng matinding pagsandig ng mga bikolano sa kanilang pananampalataya ay para sa kanilang mga panganngailangan pisikal, pinasiyal at emosyonal. Ang mga himala ay maituturing na kaganapan sa mga kanilang kahilingan. Ito ang mga pinaghugutan ng mga bikolano sa pagiging deboto kay San Roque.

*3.2 Pedagohikal na Implikasyon*

Ang mga nalikom na kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señor San Roque ay bahagi na ng kulturang Sorsoganon. Karagdagang yaman ito sa lokal na panitikan na maaring ituro sa paaralan. Mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikan tungkol sa kanilang kasaysayann at higit lalo nilang makikilala ang kanilang tradisyon, paniniwala at mga kaugalian

***Mga Kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señior San Roque bilang paksa sa pananaliksik -*** Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaliksik sa Filipino at iba't ibang katutubong wika, natutuklasan natin ang mga pamana ng nakaraan at kasalukuyan. (Komisyon sa Wikang Filipino, Pagdiriwang ng Buwan ng Wika, 2023) Ang pananaliksik ay isang paraan upang lumawak ang kaalaman sa konsepto ng kultura. Ang mga kuwento at karanasan ni San Roque ay isa sa mga paksain sa pananaliksik upang lubos na maunawaaan ang konsepto sa pananampalataya at relihiyon bilang isang elemento ng kultura at pagtuklas tungkol sa katutubong paniniwala. sa pamamagitang ng pananaliksik sa kultura relihiyon at pananampalataya hindi lamang sa akademikong pagkatuto kundi bukas ang kaiisipan sa kulturang kinagisnan. Sa resulta ng pag-aaral nina Dio-as at Tomas (2021) sa pamamagitan ng pagpapasaliksik ang mga guro at mag-aaral ay natututo sila sa sariling pagbabasa, nauunawaan nila ang konsepto ng katutubong kaalaman at kulturang kanilang kinabibilangan na may sariling pagtuklas sa kanilang komunidad.

*3.3 Mga kuwento at karanasan bilang lunsaran sa pagtuturo ng Wika at Panitikan*

***Panitikan -*** Ang mga kuwento at karanasan ng mga deboto kay San Roque ay kinapalooban ng kaalaman na maaring maging lunsaran sa pagtuturo sa paaralan. Sa pagtuturo ng panitikan maari itong gawing paksa sa pagtalakay sa pamamagitan ng paniniwala at gawi sa mga kuwento at sariling karanasan ng mga ninuno na maaaring maging gabay ng mga mag-aaral sa kanilang pamumuhay. Sa pagkukuwento ng guro ng mga kuwento ng mga karanasan mula sa lokal na komunidad magkakaroon ng kaalaman ang mag-aaral tungkol sa relihiyon na isa sa mga elemento ng ating kultura. Sa pag-aaral ni Ortis (2016) tunay na magkaugnay ang panitikan at kasaysayan, sa isang malawak na pagtatalakay kasama nito ang damdamin, saloobin, kaugalian o tradisyon. Ang lahat ng ito kapag naisatitik at tunay na nangyari ito ay makatotohanang panitikan.

***Wika -*** Sa pagtuturo ng wika madalas ginagamit ang maikling kuwento. Ang mga kuwento at karanasana ay magagamit sa pagbuo ng mga aralin sa pamamagitan nito hindi lang sa balarila natututo ang mga mag-aaral kundi nakukuhanan din ng kaalaman nila sa katutubong paniniwala at kaugalian ng mga ninuno. Ayon kay Hoffman (banggit ni Ortiz, (2016)[29] ibat'ibang genreng pampanitikan ang makakatulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng ibat'ibang kultura, nararapat na ang mga talakayan ay naglalarawan ng tunay na pangyayari, awtentik ang mga pangyayari.

*3.4 Integrasyon ng kultura at katutubong paniniwala sa pagtuturo*

Ang mga kuwento at karanasan tungkol kay San Roque ay maaring maiugnay sa pagtalakay ng mga paksa

sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng integrasyon nailalabas ang karanasan o kuwento lalo na kung galing ito sa matatandang may malalim na karanasan. Sa pamamagitan ng katutubong kaalaman ito ay maaring hanguan ng kaalaman sa ating kultura. Dito nailalabas ang ang pagiging malikhain ng guro kung paano niya maiuugnay ang relihiyon, kaugalian at pananampalataya sa kanyang pagtuturo. Ayon kay Liwanag (2023) ang integrasyon ng katutubong kaalaman sa kurikulom ay makakatulong sa mga paaralan na maisalin ang kultura ng komunidad sa mga sumusunod na henerasyon. Ang paggamit ng mga bahagi ng kultura ng lugar tulad ng mga gawi, tradisyon at panitikan tulad ng mga kuwentong bayan, alamat, awitin at iba pa sa mga aralin ay tumutulong sa mga mag-aaral na pahalagahan ang kultura ng kanilang lugar.

Karamihan sa mga impormante na nakapanayam ay iisa ang dahilan ng kanilang pananampalataya kay San Roque, pagmamahal sa pamilya. Ito ay nakamulatan na mula pa sa kanilang mga ninuno naipasa sa kanila at naranasan nila kung paano ang pagtitiwala, pagsandig kay san Roque sa mga suliranin at pag-asa. Magkakaiba man sa pamamaraan ng pagsamba ngunit ang layunin ay iisa ang lubos na pagtitiwala sa pananampalataya sa kanya dahil sa mga karanasan ng mga himala nagiging bukas ang kanilang kaisipan sa mga turo at aral ng kanilang mga ninuno upang manampalataya. Naipakita sa mga kasagutan ng mga impormante na may natatamo o nakukuha ang mga ito sa bawat kilos o sa simpleng pagsamba. Ang mga aral at turo na mula pa sa kanilang ninuno, magulang ay napasalindila sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng karanasan nila ng paghihimala ni San Roque na nagbibigay sa kanila ng lakas upang mabuhay. Sumunod lang dito ang tema na sa dahilan nakaugalian o nakagisnan na nila ang mga bagay na ito.

***Konsiderasyong Etikal -*** Sa pag-aaral na ito ay tiniyak ng mananaliksik na magiging pribado ang mga impormasyon lalo na sa personal na buhay ng mga impormante. Ang mga pahayag at testimonya ay sisiguraduhing walang anumang mga sensorang nilalaman at walang pagtatangkang paggamit ng bulgar at bastos na salita sa bawat datos na nalikom mula sa mga pahayag ng mga impormante. Ang mga kuhang larawan ay may pahintulot sa mga imporamante na magagamit lamang sa napag usapang awtput ng pag-aaral. Ipinaalam ang ginawang pag-aral sa magalang pamamaraan na mauunawaan ng mga impormante.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Ang mga barangay na mayroong patron ni Señor San Roque sa lalawigan ng Sorsogon ay ang bayan ng Bulusan, Castilla, Sta. Magdalena at Bacon sa lungsod ng Sorsogon. Ang bawat Barangay San Roque ay may kanya-kanyang kasaysayan at kuwento ng paghihimala ni Señor San Roque. Ang mga kuwento at karanasan ng paghihimala ni Señor San Roque ay may implikasyon sa kulturang Sorsoganon na makatutulong sa pagpapayaman sa katutubong kaalaman. Ang pedagohikal na implikasyon nito ay magiging daan upang mapaunlad ang panitikang lokal bilang lunsaran sa pagtuturo. Ang mga nabuong babasahin ay makatutulong upang mapaunlad ang kulturang Sorsoguenos at magamit na lunsaran sa pagtuturo. Sa paggamit ng katutubong kaalaman lalo na sa relihiyon ay magiging malawak ang kaalaman ng mga guro na maaring gawin itong kagamitang pampagtuturo lalo na sa pagtuturo sa wika at panitikan. Sa pamamagitan ng mga kuwento at karanasan ng paghihimala ang mga mag-aaral ay magiging bukas ang kaisipan sa kultura na meron sila sa kanilang komunidad.

Naging rekomendasyon na gawing hanguan ng istratehiya ang mga kuwento at karanasan ng mga deboto sa pagtuturo ng wika at panitikan. Bigyang pansin at pahalagahan ang sariling kultura lalo na ang kaganapang pangkomunidad upang ito ay maiugnay sa pagtuturo sa paaralan. Maging malikhain ang guro sa paggamit ng katutubong kaalaman bilang integrasyon sa pagtuturo. Isama sa mga paksain sa paaralan ang kuwento ng pananampalataya bilang isa sa mga elemento ng ating kultura. Magkaroon ng seminar ang mga guro sa integrasyon ng kultura sa pagtuturo upang makabuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Magsagawa pa ng maalalim na pag-aaral tungkol sa kultura partikular sa larang ng pananampalataya bilang karagdagang kaalaman na magagamit sa pagtuturo.

### 5. Talasanggunian


Bagaoisan, A.J. (2016). *Why Filipinos are among world's most religious.* GlobalAttitudes Survey Pew Research Center. https://f1000research.com/articles/12 -372#ref59

Basco, E. (2014). *Mga Dalit sa Aurorahan: Sosyo-kultural na Lente ng Etnisidad ng mga Talisayon*. DLSU Research Congress 2014 De La Salle University, Manila, Philippines March 6-8, 2014

Casabuena, J. M. (2015). *Idiyolohiya at Utupia sa mga Liham sa Ina ng Laging Saklolo Sa Baclaran*.Kritiki Journal.Vol.9 No.2. December 2015. 5-27

CHED MEMO Order no. 20, s. 2013. Republic act No. 10533. Enhanced basic education act of 2013 https://www. Officialgazette.gov.ph

Country Pew Research Center, (2011). Global Christianity – A Report on the Size and Distribution of the World's ChristianPopulation. https://scholar.google.com/citations?user=u37GMIEAAAAJ

Covar, P.R. (1998) Larangan: Seminal essays on Philippine Culture. Manila: National Commission for Culture and Arts.

Da, E. T. (2018). *Pagkokonsepto ng mga Deboto sa Pananalig sa Batang Hesus. Global Journal of HUMAN-SOCIAL SCIENCE*: *Sociology & Culture.* 18(4).

Davis, K.A.& Epkins C.C. (2009). *Do Private Religious Practices Moderate the Relation Between Family Conflict and Pre-Adolescents' Depression and Anxiety Symptoms?* The Journal of Early Adolescence, 29, 693-717.

Dio-as, F. T., & Tomas, D. S. (2020). *Katutubong Kaalaman: Pananaw at Integrasyon sa Akademikong Filipino.* (Vol.9). Asia Pacipic Journal of Management and Sustainable Development. No.1, 149.

Ellison, C.G., R.A. Hummer, S. Cormier, Roegers.G.(2000). *Religious involvement and mortality risk among African American adults*. Research on aging, 22(6), 630-667.

Enriquez, V. G. (1994). *Pagbabagong Dangal: Indigenous Pychology and Cultural Movemen*. Quezon City. Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino.

Hill, P. (2000). *Conceptualizing religion and spirituality: Points of commonality, points of departure. Journal for the theory of Social Behavior.* 30, 51-77.

Jersey, C.D. (2016). *Mga AkdTungo Pagkilala ng Kulturang Bacongnon*. Paaralang Gradwado. Lungsod ng Sorsogon.

Jocano, L. F. (1967). *Filipino Catholicism: A Case Study in Religious Change.* Asian Studies: Journal of Perspective on Asia (p. 63).

Kautusang Tagapagpaganap Blg. 103 ng Komisyon sa Wikang Filipino. https://kwf.gov.ph

Lapiz, E. M. (2010). *Pagpapahiyang Redeeming culture and indigenizing.* ChristianityMakati.KALOOB.

Liwanag, L. B. (2023). *Pagtuturo Mula sa Puso.* Rex Books Store Inc. Unang Edisyon. Pahina 484. Manila Philippines.

Llaneta, R. N. (2019). *Herbularyo sa Kulturang Sorsoganon at Panitikan. Sorsogon State College.* Paaralang Gradwado. Lungsod ng Sorsogon.

Lyubomirsky, S. (2008). Expressing gratitude http://greatfulness.Org/resource/expressing-gratitude

Obusan, T. B. (1998). *Roots of Filipino Spirituality. Kaloob ni Kristo: A Filipino Christian account of conscience. Manila.* Logos. Publications. Quezon City.

Ortis, E. E. (2016). *Historikal at kultural na istorya ng mga barangay ng Bulusan.* Sorsogon State College. Lungsod ng Sorsogon.

Republic Act No. 7356 National Commission for Culture and Arts (NCAA). https://ncca.gov.ph.republic-act-7356

Reyes, K. at Bullecer F. (2016). *Karanasan at Konsepto ng Panata ng Kapistahan ng Ilang Pamilyang Pilipino sa Lucban Quezon.* The Bedan Journal of Psychology. Vol.II.

Santos, A. P. (2007). *Mga relihiyosong gawain ng mga deboto ng imahen ng BlackNazareno*. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/2217

Yabut, H. (2013). *Isang Paglilinaw Sa mga Paniniwala at Pagpapakahulugan Ispirituwalidada at Relihiyon ng Mga Pilipino.* https://www.researchgate.net/publication/282905631

Yabut, Homer. (2013). *Apung Mamacalulu: Ang Sto. Entierro ng Pampanga*. Dalumat ejournal. Kalingangang Bayan at Diasporang Filipino. De la Salle University, Manila.

Yalung, O. (2011) *Veneration of Saints in Popular Religiosity.* PAMISULO.An Interdisciplinary Journal of Theology and Philosophy 1.1 (p. 48). Web.31.